

Mga Madalas Tanungin

Ano ang programang Ginhawa sa Upa para sa COVID-19 ng CA?

Ang programang Ginhawa sa Upa para sa COVID-19 ng CA ay isang pang-emerhensiyang programa na nakatulong sa mga nararapat na umuupa at mga kasesa sa pamamagitan ng pagbibigay ng pinansiyal na tulong para sa upa at mga utility dahil sa pampublikong kalusugang emerhensiyang COVID-19.

Sino ang nararapat na mag-apply para sa programa?

Naka-target ang programa sa mga umuupang mababa ang kita at mga kasera nila na nakatugon sa mga inaatas sa pagiging nararapat na pinansiyal. Nakahiling ang mga aplikante ng hanggang 18-buwan ng tulong na sumasaklaw sa panahon sa pagitan ng Abril 1, 2020 at Marso 31, 2022

Kailan natapos ang programa?

Ayon sa batas ng estado, ang portal ng aplikasyon sa programang Ginhawa sa Upa ng para sa COVID-19 ng CA ay nagsara makalipas ang Marso 31, 2022. Magpapatuloy ang programang repasuhin at iproseso ang pagpopondo para sa lahat ng mga nararapat na aplikasyong natanggap sa pagsapit ng petsang iyon.

Maa-access ko pa rin ba ang aking aplikasyon makalipas ang Marso 31?

Kung isinumite mo ang iyong aplikasyon sa pagsapit ng Marso 31, maa-access mo ang aplikasyon mo para masuri ang katayuan, tumugon sa mga gawain, at magbigay ng karagdagang impormasyong hiniling ng iyong tagapamahala ng kaso.

Kailan matatapos ang buong estadong mga proteksiyon sa pagpapalayas?

Pinahaba ng AB 2179, na nilagdaan para maging batas noong Marso 31, 2022, ang mga proteksiyon ng estado sa pagpapalayas dahil sa hindi pagbabayad ng upa sa mga aplikanteng nagsumite ng kumpletong aplikasyon sa mga programang tulong sa upa ng estado o ng lokal sa o bago ang Marso 31, 2022. Ang mga proteksiyong ito na pang-buong estado ay nakatalaga mula Abril 1 hanggang Hunyo 30, 2022. Ang ilang mga lungsod at county ay may karagdagang proteksiyon sa pagpapalayas na nakatalaga. Mangyaring kontakin ang lokal mong hurisdiksiyon para makita kung ano ang maaaring magamit para makatulong sa iyo.

Paano ako mag-aapela kapag tinanggihan ang aking aplikasyon?

Kapag tinanggihan ang aplikasyon mo, makakatanggap ka ng email na mag-aabiso sa iyo sa pagtangga. Ang email ay may kasamang link na magdidirekta sa iyo sa Portal ng Pag-apela. Doon ay marerepaso mo ang maikling paglalarawan sa proseso ng mga apela at direktang magsumite ng apela. Kung may anumang mga tanong ka tungkol sa proseso ng pag-apela, mangyaring kontakin ang call center sa 833-430-2122 o maaari kang mag-email sa appeal@ca-rentrelief.com. Kung kailangan mo ng karagdagang tulong sa pagsumite ng apela kabilang ang tulong sa ibang wika, mangyaring kontakin ang 833-687-0967.

Saan ko malalaman kung bakit tinanggihan ang aplikasyon ko?

Ang email na nag-aabiso sa iyo sa pagtangga ay magbibigay ng dahilan kung bakit tinanggihan ang aplikasyon mo. Kung pinili mong magsumite ng apela, maaari kang mag-upload ng bago o ibang (mga) dokumento na maaaring tumugon sa dahilan para da pagtangga upang suportahan ang iyong apela.

Paano ko malalaman kung naisumite ang aking apela?

Matapos matagumpay na isumite ang apela, dadalhin ka sa pahina ng pagkumpirma at makakatanggap din ng email na kumukumpirma na ang apela ay naisumite. Mapapansin mo rin na ang katayuan ng aplikasyon mo sa Neighborly ay in-update mula sa Tinanggihan papuntang Isinumite ang Apela.

Paano ko matitingnan ang katayuan ng aking apela?

Kung nagsumite ka ng apela, ipapakita sa katayuan mo na ang apela ay naisumite. Mangyaring bantayan ang email mo para makita kung may anumang mga tanong na kailangan ng pangkat ng sagot habang nirerepaso ang apela mo.

Gaano katagal para repasuhin ang apela?

Ang layunin namin ay para kumpletuhin ang mga determinasyon sa apela sa loob ng 30 araw, subalit, ang bawat apela ay kakaiba at maaaring mas matagalan.

Ano ang gagawin ko kapag tinanggihan ang aking apela?

Papayagan ka ng programang iapela ang pagtangga mo o mabigyan lang minsan ng halaga.

Paano niyo inaalam kung sino ang unang makakatanggap ng ginhawa sa upa?

Bagama't alam namin na ang ginhawa sa upa ay isang agarang usapin para sa lahat ng mga aplikante, para matiyak na ang mga higit na nangangailangan ay makakatanggap ng tulong, rerepasuhin muna ng estado at ipapangako ang mga pondo sa mga aplikante na karapat-dapat dahil sa kita at nasa pinakamalaking panganib na mapalayas. Kritikal na kumilos nang kasing bilis nang posible ang mga aplikante para kumpletuhin ang aplikasyon nila at sumagot sa anumang hiniling na pagkilos o sagot. Masisiguro nito na ang aplikasyon ay mapoproseso nang kasing bilis nang posible.

Paano ko matitingnan ang katayuan ng aking aplikasyon?

Kapag naisumite ang mga aplikasyon, maaaring subaybayan ng mga aplikante ang katayuan ng mga aplikasyon nila sa pamamagitan ng pag-log in sa kanilang Neighborly account [dito](#) o sa pagtawag sa kinatawan ng programa sa 833-430-2122 (toll free) sa pagitan ng 7 am at 7 pm pitong beses sa isang linggo. Awtomatikong kokontakin ang mga aplikante ng kinatawan ng programa kapag narepaso na ang aplikasyon nila, o kung makita na ang aplikasyon ay may kulang na kailangang dokumentasyon.

Ang mga umuupa at mga kasera ba ay aabisuhan kapag nakapagbayad na?

Oo. Awtomatikong aabisuhan ang kasera, umuupa, at/o tagapaglaan ng utility ang tungkol sa pagbabayad sa pamamagitan ng email pagkatapos matukoy na ang umuupa, kasera, at ang kahilingan sa pagbabayad na nararapat ang at ang pagkalkula ng pagbabayad ay nakumpleto at napatotohanan ng pangkat ng pagbabayad. Maaari ring matingnan ng mga aplikante ang katayuan ng mga aplikasyon nila anumang oras sa pamamagitan ng portal ng online na aplikasyon sa HousingIsKey.com, o sa pagtawag sa kinatawan ng programa sa 833-430-2122 (toll free) araw-araw mula 7 am – 7 pm Pacific time. Tutukuyin ng ulat sa katayuan kung at kapag may nagawa nang bayad.

Paano babayaran ang kasera ko?

Kung ang kasera ay sumang-ayon na lumahok sa programang ito, ang pagbabayad ay direktang gagawin sa kasera sa ngalan ng karapat-dapat na sambahayan. Kapag tumanging lumahok ang kasera, direktang ibibigay sa umuupa ang bayad. Gayundin ang mga bayad sa utility na utang sa kasera ayon sa inaatas ng kasunduan sa lease.

Ang mga umuupa ba ay makakatanggap ng legal na suporta?

Ang programang Ginhawa sa Upa ng para sa COVID-19 ng CA ay nagtaguyod ng mga direktang koneksiyon sa mga organisasyon ng legal na tulong sa buong estado at magpapatuloy na ikonekta ang mga aplikanteng nais na maka-access ng suporta sa legal na tulong. Ang mga aplikanteng nangangailangan ng legal na tulong na hindi nagsusumite ng aplikasyon sa ginhawa sa upa sa portal bago ang Marso 31 ay hinihikayat na pumunta sa lawhelpca.org.

Kasera ako at nakatanggap ng Form 1099 mula sa IRS. Anong ibig sabihin nito?

Ayon sa mga pederal na patnubay para sa Emergency Rental Assistance Program (ERAP), ang Programang Ginhawa sa Upa ng CA para sa COVID-19 ay magpapatuloy ng nakumpletong IRS Form 1099-MISC sa lahat ng mga kasera at tagapaglaan ng utility na nakatanggap ng tulong mula sa ERAP. Ang isang email na may kasamang ligtas na link para makuha ang form ay ipapadala sa pamamagitan ng Track1099 Software sa nakarehistrong email address na ginamit para isumite ang orihinal na aplikasyon sa ERAP. Mangyaring tingnan ang mga folder mo ng junk at spam. Kapag nabigo ang email, ang form ay mamarkahan ng koreo at ipapadala sa pamamagitan ng U.S. Mail sa Enero 31 na may inaasahang delivery sa loob ng 7-14 na araw. Huwag itapon ang form na ito, dahil kakailanganin mong itabi ito sa file mo para sa mga buwis mo.

Kung hindi mo matanggap ang form mo alinman sa emil o U.S. Mail sa pagsapit ng Pebrero 15, mangyaring tumawag sa Contact Center ng Programang Ginhawa sa Upa ng CA para sa COVID-19 sa 833-430-2122.

Ang mga bayad ng ERAP sa mga kasera at mga tagapaglaan ng utility ay tinuturing na mabubuwisang kita. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa Internal Revenue Service: Emergency Rental Assistance Frequently Asked Questions. Mangyaring idirekta ang mga tanong na partikular sa buwis tungkol sa Form 1099-MISC sa kuwalipikado niyong propesyonal sa buwis.

Hihiling ba ako ng IRS form W-9 mula sa programa kapag isinauli ko ang mga pondo?

Hindi. Ang mga pondong isinauli sa programa ay hindi “kita” sa programang mauulat sa Form 1099. Samakatuwid, walang kailangang Form W-9 dahil ang programan ay hindi nabubuwisang entidad at hindi isang Form W-9 vendor dahil walang mga serbisyo ang nilaan. Ang sinauling halaga ay isang offset sa kita mo sa pag-uulat sa pagtatapos ng taon. Mangyaring konsultahin ang tagapagpayo mo sa pagtrato sa buwis ng bagay na ito.